


6

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 7

Gampanin ng Pamahalaan at Mamamayan sa Pagkamit ng Kaunlaran



Araling Panlipunan – Ikaanim na Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikaapat na Markahan – Module 7: Gampanin ng Pamahalaan at Mamamayan sa Pagkamit ng Kaunlaran

First Edition, 2019

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Secretary: Leonor Magtolis Briones

Undersecretary: Diosdado M. San Antonio

Mga Bumuo ng Modyul

Manunulat:	Jozel G. Monotilla	
Mga Tagaguhit:	Meljune Nufable	
Grapikong Taga Disenyo:	Joeval P. Romelo	Mayo P. Villamor
Editor:	Jordan T. Beleganio	Joy B. Fernandez
	Rizza Mae E. Flores	Ryan Alvarez
Tagasuri:	Marlon C. Dublin	Mayo P. Villamor
	Bella P. balandra	Analee B. Alingco
Mga Tagasuri at Editor:	Jordan T. Beleganio	Joy B. Fernandez
	Rizza Mae E. Flores	Ryan Alvarez
Mga Tagapangasiwa:	Ramir B. Uytico	Arlene G. Bermejo
	Pedro T. Escobarte	Ruby Therese P. Almencio
	Elina D. Gonzaga	Nenita P. Gamao
	Donald T. Genine	Jordan T. Beleganio
	Celestino Dalumpines	

Printed in the Philippines by _____

Department of Education – Region VI- Western Visayas

Office Address: Schools Division of Sagay City
Quezon St., Brgy Poblacion 1, Sagay City, Neg. Occ, 6122

Telefax: (034) 488-0415; 488-0416

E-mail Address: sagay.city001@deped.gov.ph

6

Araling Panlipunan

**Ikaapat na Markahan–Modyul 7
Gampanin ng Pamahalaan
at Mamamayan sa Pagkamit
ng Kaunlaran**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta? Alam mo ba kung paano makakamit ang kaunlaran ng isang bansa? Sa panahong ito kung saan ay may napakaraming suliraning pang-ekonomiya, nakapag-isip ka na ba kung paano makakatulong sa pagpapaunlad ng ating bansa? Nakikilahok ka ba sa mga programa at proyekto ng ating pamahalaan? Alam mo ba na malaki ang maitutulong nito sa pag-unlad ng ating bansa?

Sa modyul na ito, malalaman mo ang kahalagahan ng pakikilahok sa mga programa o proyekto ng pamahalaan sa pag-unlad ng bansa. Atin ring tatalakayin ang mga tungkulin ng isang mamamayan sa pagkamit ng kaayusan at katahimikan ng isang bansa.

Ang modyul na ito ay binubuo ng isang aralin:

➤ Aralin 1- Tungkulin ng Mamamayan sa Kaunlaran


Pagkatapos mong gawin ang mga aralin sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang makakagawa:

1. Natatalakay ang mga gampaning ng pamahalaan at mamamayan sa pagkamit ng kaunlaran ng bansa.



Subukin


Isulat sa organizer ang sa palagay mong TUNGKULIN ng isang mamamayan upang makatulong sa pag-unlad ng ating bansa. Gawin ito sa hiwalay na papel.



Aralin
1

Tungkulin ng Mamamayan sa Kaunlaran

Upang makatulong tayo sa pag-unlad ng ating bansa, kailangan nating maging aktibo sa pakikilahok sa iba't-ibang gawain na magpapaunlad sa ating bansa. Marami tayong magagawa kung bukal sa puso natin ang hangaring tumulong sa ating kapwa at sa ating bayan. Sa Araling ito ay matutunghayan mo ang iba't-ibang tungkulin ng isang mamamayan upang makamit ang kaunlaran ng ating bansa.



Balikan

Panuto: Basahin ang mga pangungusap o parirala sa bawat bilang. Isulat ang titik **S** sa sagutang papel kung ang pangungusap ay tumutukoy sa **Sanhi** at **B** kung tumutukoy sa **Bunga o Epekto**.

1. Lumalala ang suliranin sa pagkagumon sa droga ng maraming tao.
2. May mga bawal na gamut na naipapasok nang ilegal sa bansa.
3. Natatakot mangisda ang mga Pilipino sa West Philippine Sea.
4. May mga barkong pandagat ang Tsina ang nagpapatrolya sa West Philippine Sea.
5. Maraming kagubatan ang nakakalbo dahil sa ilegal na pagtotroso (*illegal logging*).
6. Naging malala ang pagbaha sa ilang mga probinsiya sa panahon ng bagyo.



Tuklasin

Ang pag-unlad ng isang bansa ay bunga ng pagtutulungan at pagkakaisa ng mga mamamayan dahil sa maayos at tapat na paglilingkod ng mga pinuno ng pamahalaan. Masdan ang larawan at isulat ang sagot sa kwaderno ang mga kaugnay na tanong sa ibaba.



Pag-isipan Mo!

1. Batay sa larawan, ano -ano ang mga katangian ng isang bansang maunlad? Magbigay ng 2 -3 katangian.
2. Bilang isang mamamayan ano ang maaari mong gawin upang makatulong ka sa pag-unlad ng ating bansa?



Suriin

Bawat mamamayan sa ating bansa ay may kani-kaniyang tungkulin na dapat gampanan. Sinasabi na ang pagkakaroon ng disiplina, pagiging tapat at ang pagsunod sa mga patakaran at batas ay makatutulong sa pag-unlad ng ating bansa.

Ikaw, taglay mo ba ang mga katangiang ito? Kung oo ang sagot mo, siguradong makatutulong ka sa ating bansa.

May mga tungkuling ginagampanan ang isang matapat na mamamayan. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

A. Pagtupad sa mga tungkuling Panlipunan at Pansibiko ng Mamamayan

- Bilang isang mamamayan, tungkulin nating makilahok sa mga gawaing pansibiko tulad ng pangangalaga ng likas na yaman ng bansa, pagmamalasakit sa kapwa, at pag-iwas sa mga gawaing nakasasama sa kapwa. Ilan lamang ito sa mga gawaing makatutulong sa pag-unlad ng bansa. Ito ang magiging daan upang maibsan ang suliraning kinakaharap ng ating pamahalaan lalo na't tayo'y nasa kasalukuyang sitwasyon ng pandemya. Kailangan nating makiisa sa mga programa ng pamahalaan at maaari ring mag-organisa ng mga programa na may kaugnayan sa pagtulong sa ating kapwa. Halimbawa na lamang dito ay ang mga programang may kaugnayan sa kapaligiran gaya ng *tree planting*, *coastal clean-up*, at mga community outreach program. Maaari tayong makiisa sa mga samahan na naglalayong tulungan ang mga mamamayan gaya ng *World Vision Foundation*, *Bantay Bata Foundation*, at iba pang mga *accredited* na *Non-Government Organizations (NGOs)* sa bansa.

B. Matapat at maagap na pagbabayad ng buwis

- Isa pang tungkulin ng mamamayan ay ang matapat at maagap na pagbabayad ng buwis. Tungkulin ng bawat mamamayang kumikita at may ari-arian ang magbayad ng tamang halaga ng buwis. Ang buwis ang itinuturing na “*dugo ng ating bayan*” sapagkat nagbibigay buhay ito sa ating bansa. Ang lahat na mga proyektong ipinatutupad ng pamahalaan ay nagmumula sa buwis. Ito ang dahilan kung bakit tungkulin ng taong-bayan ang magbayad nito. Ang hindi pagbabayad ng buwis ay maraming negatibong epekto sa pag-unlad ng bansa. Ilan sa mga ito ay mga sumusunod:
 - a. Hindi maipapatupad ang mga gawaing bayan
 - b. Hindi mababayaran ang mga bayarin ng pampublikong gusali
 - c. Hindi matutulungan ang mga nangangailangan ng tulong
 - d. Mawawalan ng sahod ang mga pampublikong manggagawa

C. Pagtitiwala sa sariling kakayahan

- Ang bawat indibidwal ay may angking kakayahan na makatutulong sa pag-unlad ng bansa. Kailangan lamang ng bawat isa ang tiwala sa kanyang sarili. Ang pagkakaroon ng pagtitiwala sa sariling kakayahan ay magbubunsod sa isang tao na huwag umasa sa ibang tao na paggambala sa kanila sa paghingi ng tulong. Ang mamamayang may maraming kakayahan ay kailangan sa pagsulong at pagpapabuti ng pangkalahatang kalagayan ng pangkabuhayan ng bansa.

D. Pagiging kapaki-pakinabang na mamamayan

- Ang bawat mamamayan ay kinakailangang maging produktibo. Magiging madali ang pag-unlad ng isang bansa kung ang lahat ng tao ay may naitutulong sa pag-unlad ng bansa. Upang maisakatuparan ito, ang bawat isa ay kinakailangang makapagtamo ng tamang edukasyon. Lagi nating maririnig ang kasabihan ng mga matatanda na “*Ang Pag-aaral ang susi sa kaunlaran*”. Tama ang kasabihang ito, dahil kapag ang lahat ng mamamayan ay nakapag-aral, lahat ay magiging produktibo at makakapag-ambag sa kaunlaran ng bansa. Lahat ay may trabaho at hindi kailangan laging umasa sa tulong ng pamahalaan.

E. Paggalang sa batas at sa may kapangyarihan

- “*No one is above the law*”. Isang kasabihan na palagi nating naririnig. Isang katotohanan na dapat sundin at respetuhin ng sambayanan.

Kung ang lahat ng tao ay marunong sumunod sa batas, makakamit natin ang katahimikan sa ating lipunan.

F. Paggalang sa karapatan ng kapwa


- Ayon sa kasabihan ni Confucius, *“Huwag mong gawin sa iyong kapwa, ang mga bagay na ayaw mong gawin ng kapwa mo sa iyo”*. Nangangahulugan na kinakailangan nating igalang ang karapatan ng ibang tao. Ang paggalang ng karapatan ng ibang tao ay magdudulot ng katahimikan at kaayusan sa isang lipunan. Subalit kung patuloy ang pagyapak natin sa karapatan ng iba, magiging magulo ang lipunan na magiging hadlang sa kaunlaran ng bansa.

G. Maayos na paggamit ng kagamitang pambayan

- Ang ating pamahalaan ay nagpapatayo ng mga gusaling pambayan at mga pampublikong tanggapan. Ito ay upang maging maayos ang serbisyo ng ating pamahalaan at maging matiwasay ang pamumuhay ng sambayanan. Bilang ganti, ang bawat kasapi ng lipunan ay kailangan pag-ingatan ang lahat ng proyektong ito sa pamamagitan ng tamang paggamit nito. Laging isipin na pera ng taong bayan ang ginastos sa pagpapagawa ng mga ito kung kaya’t obligasyon nating ingatan ang mga bagay na nagawa ng pamahalaan. Ang bawat kasapi ng lipunan ay nararapat na magbantay upang mapangalagaan ang pampublikong proyekto. Nararapat na isumbong sa mga kinauukulan ang sinumang nakita na sumisira sa mga proyektong ito.

H. Maayos na Paggamit ng Kapangyarihan

- Ang ating bansa ay isang bansang malaya. Tayo ang pumipili ng mga pinunong mamamahala sa ating bansa. Bilang pinuno, nararapat na maglingkod siya ng tapat sa taong bayan. Hindi niya dapat gamitin ang kapangyarihang ibinigay sa kanya para sa pansariling kapakanan. Ang mabuting pinuno ay matapat sa kanyang tungkulin sa bansa, malinis at may dangal at pinagkakatiwalaan ng taong bayan. Modelo rin siya sa pagsunod sa batas.
- Bilang ordinaryong mamamayan, obligasyon rin nating bantayan ang uri ng pamamalakad ng ating mga pinuno. Kailangan nating isumbong sa may kinauukulan kung may mga paglabag sa karapatang pantao at kurapsyon na nagaganap sa pamahalaan, lokal man o nasyonal.



Pagyamanin

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Bumuo ng posibleng solusyon sa problema. Isulat ang sagot sa papel.

1. Patuloy ang pagtapon ng mga basura sa ilog na naging daan ng matinding pagbaha sa komunidad.

Solusyon:

2. Hindi sumusunod ang mga tao sa Social Distancing na ipinatutupad ng kanilang lokal na pamahalaan. Dahil dito, patuloy ang pagtaas ng kaso ng Covid-19 sa kanilang lugar.

Solusyon:

3. Nakita mong sinisira ng iyong mga kaklase ang pampublikong kagamitan kagaya ng aklat at mga silya ng paaralan.

Solusyon:



Isaisip

- Mahalaga ang papel na ginagampanan ng tao sa pag unlad ng bansa. Ang kaunlaran nito ay nakasalalay sa mga mamamayan. Mahalagang alam natin ang ating mga tungkulin at mga dapat gawin. Makakatulong ang pagtitipid at pagtangkilik ng mga produktong sariling atin. Dapat alam natin ang wastong paggamit ng ating likas na yaman at pahalagahan natin ito.

- Ilan sa mga tungkulin ng mga mamamayan ay ang mga sumusunod:
 - A. Pagtupad sa mga tungkuling Panlipunan at Pansibiko ng Mamamayan
 - B. Matapat at maagap na pagbabayad ng buwis
 - C. Pagtitiwala sa sariling kakayahan
 - D. Pagiging kapaki-pakinabang na mamamayan
 - E. Paggalang sa batas at sa may kapangyarihan
 - F. Paggalang sa karapatan ng kapwa
 - G. Maayos na paggamit ng kagamitang pambayan
 - H. Maayos na Paggamit ng Kapangyarihan



Isagawa

Panuto: Gumawa ng poster tungkol sa kahalagahan ng pagtupad ng tungkulin bilang isang mamamayan. Gamiting gabay ang rubrik sa ibaba.

RUBRIK SA PAGGAWA NG POSTER

Mga Kraytirya	Napakagaling (5 puntos)	Magaling (4 puntos)	May Kakulangan (3 puntos)	Nakuhang Puntos
IMPORMATIBO/ PRAKTIKALIDAD	Ang nabuong poster ay nakapagbibigay ng kompleto, wasto, at napakahalagang impormasyon tungkol sa	Ang nabuong poster ay nakapagbibigay ng wastong impormasyon tungkol sa	Ang nabuong poster ay kulang sa sapat na impormasyon tungkol sa	
MALIKHAIN	Ang pagkadesenyo ng poster ay angkop sa paksa.	Ang pagkadesenyo ng poster ay may kakulangan ng impormasyon.	Ang pagkadesenyo ng poster ay hindi angkop sa paksa.	
KATOTOHANAN	Ang poster ay nagpapakita makatotohanang pangyayari. Ang nilalaman nito ay may bias o dating sa madla.	Ang poster ay nagpapakita ng pangyayari. Ang nilalaman nito ay may dating sa madla.	Ang poster ay nagpapakita ng iilang pangyayari. Ang nilalaman nito ay walang dating sa madla.	
Kabuuang Puntos				



Tayahin

Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Bakit kinakailangang magbayad ng buwis ang bawat mamamayan?
 - A. dahil ito ang magpapayaman sa ating bansa
 - B. dahil ito ang susi ng karunungan
 - C. dahil mahal natin ang ating bayan
 - D. dahil dito kinukuha ang gastos sa mga proyekto ng pamahalaan at iba pang pangangailangan ng bansa

2. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang tungkulin mo sa ating kapaligiran?
 - A. Pagrespeto sa karapatan ng ibang tao
 - B. Pagtapon ng basura sa tamang kinalalagyan
 - C. Pagboto ng tamang kandidato
 - D. Pagsunod sa *curfew*

3. Ano ang maaaring maging epekto kung hindi natin sinusunod ang batas ng pamahalaan?
 - A. Magkakaroon ng pagbaha
 - B. Masisira ang ating kabundukan
 - C. Magkakagulo sa ating lipunan
 - D. Magiging maunlad ang ating bayan

4. Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa paglutas ng mga suliranin sa kapaligiran?
 - A. Magbayad ng buwis
 - B. Magtanim ng mga punong kahoy sa bundok
 - C. Magsimba tuwing araw ng linggo
 - D. Makinig sa mga balita sa radio

5. Ang mga sumusunod ay mga tungkulin ng mamamayan maliban sa isa. Alin sa mga ito ang HINDI kabilang.
 - A. Pagtupad sa mga tungkuling panlipunan at pansibiko ng mamamayan
 - B. Matapat at maagap na pagbabayad ng buwis
 - C. Paggalang sa batas at sa may kapangyarihan
 - D. Pagsali sa mga organisasyong may taliwas na hangarin sa pamahalaan



Karagdagang Gawain

Panuto: Gumawa ng isang journal sa hiwalay na papel tungkol sa kahalagahan ng pakikiisa sa mga gawain ng Pamahalaan. Gawing batayan ang rubriks sa ibaba.

Pamantayan	Katangi-tangi 12-15	Mahusay 11-8	Kailangan pa ng Dagdag na Pagsasanay 5-7	Nakuhang Puntos
Impormasyon	Tiyak at kompleto ang mga Impormasyon	Tiyak ngunit may ilang kulang sa mga impormasyon	Hindi tiyak at maraming kulang sa mga impormasyon	
Paglalahad ng mga Reaksiyon o Opinyon	Malinaw at nakatwiran ang lahat ng mga reaksiyon o opinion.	Malinaw ngunit hindi makatwiran ang ilang mga reaksiyon o opinyon	May kalabuan ang ibinigay na reaksiyon, opinion at katwiran	
Ilustrasyon o Halimbawa	Sapat, angkop, at maayos na naihanay ang mga ilustrasyon at halimbawa upang mabigyang diin ang mga punto	May ilang angkop na ilustrasyon at halimbawa upang mabigyang diin ang mga punto	Hindi gumamit ng ilustrasyon o halimbawa	



Susi sa Pagwawasto

Tayahin 1. D 2. B 3. C 4. B 5. D	Ballkan 1. B S 2. B S 3. S B	Subkin (Answer may vary)
---	--	-----------------------------

Sanggunian

Florencia C. Domingo, PhD., et. al., Pilipinas: Isang Sulyap at Pagyakap, Batayang Aklat sa Araling Panlipunan I (Makati City: EdCrisch International, Inc. Binagong Edisyon 2010), 233-241

Dulay, S. (2014), "Tungkulin ng Mamamayan", slideshare.net, July 24, 2014
<https://www.slideshare.net/dulaysherwin72/tungkulin-ng-mamamayan>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph